Se reciben toda clase de trabajos en M rmol como L pidas, Monumentos, Mausoleos, Pila Bendita y Limpiezas, Esculturas, Bustos de Rizal en Bronc , Cemento y Madera.

Mariano del Mundo, Gerente.

408 Padre Gomez, Sta. Cruz. Maynil , I. F.

# Mga Hiwaga ng Inkisisyon sa Espanya

Sinulat ni M. V. de Ferreal

*Salin ni Calderon*

(Karuvtong)

—Purihin nawá ang Dyos! —ang namulas sa bibig ni Enriquez, na may kunwang pagsisisi sa kanyang mga naging sala; —itunay nágan ikaw ay manggagaway, Chapa! At sa ganáng akin, liban sa iyo ay walá nang iba pang mápipili ang kanyang kamahalan na makatulong sa pagsasagawá nágan kanyang kábanalbanalan at dí mababagong pasiya. Talatas mo nágà, Chapa, na ang tanǵin layon nágan ating baual na inkisidor ay agawin sa demonyo ang kálulwa nágan dalagang iyan, anopá't sansalain ang kanyang pag-aasawa kay Don Esteban de Vargas, na dí umano'y anák nágan "marrano" at apó ng moro.

Ang tinatawag na "marrano" sa Espanya ay yaong mga moro't hudyó na nangahikayat sa relihiyong katolika

—Oh! siyangá—ani Chapa na nag-antandá. —Ang panginoon ko'y nápakabanal, na ang tańging nililingáp ay ang kagalingán nágan lanǵit. Nguni't hwag mong sabihing ako'y manggagaway—ang dugtong niyang parang nápapahangá, —isang salitang gaya niyan ay dí dapat mamulás sa bibig nágan isang tao nágan Santo Oficio; sa pagka't sa pagganting palá nágan aking sikap sa pagilingkod sa Kábanalbanalang Inkisisyon, ay dí malayong ilahad ako ng salitang ito sa unang kapasiyahang idadaos sa pagdiriwan ng mga tagumpay nágan haring Dn. Carlos, ng pinakagigilíw nating harí.

—Siyana, Chapa, ikaw ay totoong nápakabuting katolika at tapat na linkod nágan kábanalbanalang Inkisisyon at walang suka' ikatakot. Hindí mag-lulwát at tayo'y magkakaroon ng isang dakilang kapasiyahan; ang una'y isasagawá pagkaluklok sa trono ng ating pinakagigilíw na panginoo't haring Don Carlos, at ipinanganakó ko sa iyo ang latlong mabuting dako sa dakilang balkon

nágan pangulong liwasan, upang makita mo ang pagsunog dito sa lahat nágan ásong erehe (1).

—Mabuti! —ang nabuká sa bibig nágan dalagang andalusa na pumakpak sa katuwaan.—Oh, Ginoong Enriquez! dí umano'y mahigit sa labing limang erehe ang susunugin at nápakaramí ang "pagbibigyan lugod" nágan kanyang kamahalan, kaylanma'a tatalikdan ang malíng pananampalataya at mag-iibig mamatay na parang mububuting kristiyano. Ang mga ito'y bibitayín muña bago ihagis sa apoy. Oh! gaano kayang kagandá! G. Enriquez, ipinanganakó niyó sa akin iyan, étotoo pu ba?

—Isinusumpá ko sa iyo, sa pangalan nágan Amá, nágan Anák at nágan Espíritu Santo, at sa kapahintulutan nágan banal na inkisisyon sa Sebilya. Magiging marilag.—ang dugtong pa ni Enriquez, na nápapahangá siya sa masiglang sikap nágan hitana hinggil sa Santo Oficio.

Nguni't kung pinagmasdang maigi sana ang mukhá ng andalusa ay disin nápunang namutlá ang kanyang mapulang labí at naugilabot ang mga buháy niyang matá; at sana'y nápalapitlapit sa suot niyang tersiyopelong itím ay disin nárinig ang kabá nágan kanyang dibdib, na simulá nágan pagsising untuunting sumasaloob niya.

Ang kapatid ni "Koko" ay walá ring taglay, na dugong wagas na katólica, kung tutuusin ang kanyang mga kanunuuan at dí nágan rin lubhang tiwasay sa harap nágan Inkisisyon, na dahil sa takot ay napaaring lingkod; at sa pagkukulang niya nágan tiwalá sa kakatwá at pakunwang kilos nágan kawal ni Kristo, ay nagmagilas at nag-kunwang ikinatuwá niya.

—Oh! ipagka butí! ipagka butí!

Ng sangdalíng ito'y namasdau niya ang mala-laki't nag-iitimang matá nágan predikador na nakatitig sa kanya. Ang prayle ay dí sumayang nágan kahí't isang salítâ sa kanyang pákipagpasup, ni isang kilos man lamaú nágan kalyang pagmu-mukhá.....

—Bigyan mo kami nágan alak,—aháng kausap.

At ang abáng si Chapa, sa katuwaan ng makaiwas sa mga mapaniyasat na titig nágan paré at sa ganitong salítâ na tuwituwina'y nakapangíngilabot sa kanya, ay agad nagmadaling humanap ng isang sisidlang punô ng alak, at inila-pag sa harap nágan paré.

Si Enriquez ay may daláng isang bangkó upang máupuan niya sa harap nágan pransiskano, ay siyang pagpasok sa taberna nágan isa pang katao. Lumapit sa prayle ang bagong datíng at nag-

## Sombrereria at Sastrería

—DE—  
**P. AUSTRIA**

Carriedo 247. | M. H. del Pilar, 409, Ermita  
Tel. 4482. | Tel. 3503.

Nagbibili ng sarisaring mga bagay para sa mga lalake, gaya ng sapatos, medyas, corbata, panyó, •latlong lalo na ng mga sombrero rito sa Pilipinas.

## H. M. MAYOR

DENTISTA

Gumagamot sa mga paraang pangkasalukuyan ayon sa mga huling pagkasulong ng karunungan at pagsasa-gawa ng odontología.

Bumubunot at gumagamot ng walang bayad sa mga mahirap.

Mgaadya kayo sa kanyang tangapan upang inyong matunayan.

**Marry Chiles Christian Hospital**

135 Calle Gastambide, Sampaloc.

Tel. 3723.

Manila.

tapon ng tingin may kahulugan:

—Iyan ba ang ating banal na katiwalá?—ang masayá niyang tanong,

—Iyan ngà, Senyor Prasko—ang sagot ni Enriquez.

Nagtindig ang paré at naghalkipkip. Gayon din ang ginawá ng bagong dating. Pagkatapos ay pinagpalit ng paré ang pagkakahalkipkip ng kanyang mga kamáy, saká yumukod kay Prasko ng bilang pinakabatí; ginawá rin nito ang gayong kilos, anopá't sa pagyukod nilang dalawa ay marahang nagtamá ang kanilang noo. Ito ang batían ng magkakapatid sa Santo Oficio.

Nguni't si Prasko ay dí nagkasya sa gayong pagpapakilala; inilitaw ang kanyang dibdib, at ipinakita sa ibabá ng kanyang chaleko ang isang plakang pilak na may larawan ni Kristo na patiwarík ang pagkalagay. Sa gitná ng pinakadibdib ng Kristo ay may isang araw na nagniningning, sagisag ng liwanag, nakákatawang tandá ng Inkisisyon, na siyang nagbabadya ng kakilabutan at panglilipol.

Dito sa bulíng senyas ay hindí tumugon ang pransisko.

Tinignan ni Prasko si Enriquez ng mabalasik at may paghihinalá.

Si Enriquez ay nagpaikbot ng balikat, na para bagáy yao'y walang kabuluhan sa kanya.

—Hindi natin kakapatid—ang bulong ni Prasko.

Si Enriquez ay sumenyas na siya'y may hinalá.

Sinasabi ko sa iyo, na siya'y hindí kakapatid natin, ang ulit ni Prasko,—at náipagbili tayo; náipagoili, écharirinig mo ba?—nagpatuloy, na pipipisil ng malakas ang kamay ni Enriquez; at ang mabalasik niyang pagmumukhá ay nagbabadya ug matinding galit.

Bagaman ang lahat ng ito'y nangyayari sa bulong, ay nápuna rin ng mga suki ng taberna yaong mga kilos na nagpapahalatá ng pagkakaalit. Pinagtinginan ng labat ang paré, na palibhasa't walang kibô at dí umiimik, ay para bagáy nápalagay na saksi at hindí isa roon sa kakatwang pangyayari.

Palibhasa't ang pransisko'y may pagmumukhang kagalanggalang ay may ilang nangahas mag-sigaw at hanggang sa pinagbalaan sina Prasko at Enriquez.

Bagaman inaasahan nilang sila'y makagagananti, sakaling sila'y lapastanganin, ang mga kapatis ng Santo Oficio ay dí makapanghas na mangdaluhong sa mga taganayon ng Triana, palibhasa't talastas nilang sa pagsasanggalang ng

isang prayle ay sapat na papatay; nguni't ang Inkisisyon ay higit na nakapangyayari sa bayan kaysa mga paré at mga prayle.

Sa pamamagitan ng isang matalinong laláng ay hinárap ni Prasko ang nagsisiinom ng alak na paraparang masamá ang kilos at tingin, at sinabi niya sa kanilang:

—Mga kapatid, ékayo ba'y naágapakaná nang mga katólico na inyong ipinagsasanggala g ang isang kaaway ng Inkisisyon?

Dito sa kakilakilabot na salitang Inkisisyon, lahat ay nagsitungo, at yaong masíglang mukhá ay nangamutlá, na para bagang binagsakan ng lintik itong mga taong punghas at maguguló. Walang nangahas bumigkas ng kahi't isang salítá.

Ng magkagayon, hindí pinakundanágan ng paring predikador ang galit ni Prasko ni ang kapusukan ng mga tulisan ng taberna, kundi nagtindig at tinungó ang pintuan sa gitná ng isang lubos na katahimikan.

—Ano ngà—ang sigaw ni Prasko,—ipabayaan ba ninyo siyang makataanang ganyan? Éwalá ba bang sinoman sa inyong makapagsusumbong sa mga agusil ng Santo Oficio?

! Ako! iako! —ang sagot ng nangíngilabot na si Chapa.

Pagdaka'y tinungó ang pintuan sa pag-ibig na maiwasan niya ang panganib na lagí niyang kinatatakutan; nguni't ng pipihit na niya ang susí ay tinignan siya ng pransisko ng isang tingin matiim at nakapanhíngilabot, na si Chapa ay natigilan, nagduop ng mga kamay, at lunauhod sa harap ng tagapanhásiwá ng Dyos.

Sa isang tibok ng kalooban ay paraparang nangayupapá sa kanya ang mga tulisan, na para bagáy nagsisihingí sa kanya ng tulong laban sa isang líhim na kapangyarihan na dí nila mapangahasang kalabanin.

Pagkatapos ngang malingón ng prayle ng boong gará yaong kapulungan napipipi't natigilan, ay tinapunan sila ng isang tingin malwalhatí, at paglabas sa daa'y nawalá, na sinoman kahi't si Prasko, ay dí nag-isip pumigil sa kanya.

—Náipagbili tayo, ikahalayhalay! —ani Prasko na tinignan si Enriquez, na natigilan gaya rin ng iba.

—Walang nálamán—ang tugon ni Enriquez.

—Kung gayo'y kumilos tayo—ang badyang mahinahon ni Frasko; —sa bagay na ito ay dí na tayo nangangailangan pa ng tulong ng iba.

At ang dalawang "kawal ni Kristo" ay sabay na lumabas sa taberna.

## M. Salvador

San Vicente 444 en los bajos de la oficina de Andrews

TEL. 3253

Se Reciben toda clase de Trabajos de Pintura como Carátulas de Cristal y Bronce.

Decoración de Edificios, Retratos Letras de Madera y Azogue de Cristal Etc.

Precios razonables.

Ngayo'y panahon ng 'Sakit ng Ngipin' Kung hahanap kayo ng DENTISTA ay tunguhin ninyo si

## Dr. A. Vergel de Dios

447 EVANGELISTA

at walang sakít na gumamot 6 bumunot..

## II

*Ang palasyo sa Gardunya.*

Sa dulo n̄g nayon n̄g Triana ay may m̄ga dating tahaman guhō na anyong yari n̄g m̄ga moro, na ang nangagbuntong mga bató ay pinagpupugaran n̄g m̄ga ibon sa gabí.

Ang m̄ga pulubing walang silungan at ang m̄ga batugang hitano ay madalas na nangatutulog sa m̄ga batong yaon kung gabing saa't saan ma'y walang mápangalungan sa Andalusya: at kung taginaw ang matatandang babae, na nangag-uumpukan sa init n̄g araw, ay nagsisihanap din n̄g kublihan sa mga gubong yaon dahil sa maginaw na simoy n̄g hangin.

Sa naglalaparang m̄ga sirang pader, ay agad napagkikilala sa nangatitira pang m̄ga palamuting gawang anlwagi, na doo'y may nátagyong malaki't mainam na gusali: at sa gitnâ n̄g m̄ga gubong yaon ay may isang mataas na haliging maganda't makinis na siyang umalalay n̄g isang bóbedang kinalatan n̄g mga palamuting árabe na dì pa nasaanó. Isang pader na halos buô pa, bagama't tila may kahunaán, ay siyang bumabakod sa haliging ito, na kaipala'y nagíng gayak ng isang kabahayang mainam, na ang nasukán ay pinagtibay n̄g isang pintuang makapal.

Sa m̄ga buntong ito n̄g bató ay nagsisitubò ang sarisaring halamang gubat, m̄ga damong nangamumulaiklak ug kulay rosas, m̄ga alef, m̄ga kawayan, m̄ga punò n̄g rosang ligaw at mayayabong na laurel, na ang lilin n̄g kanilang salisalimuot na m̄ga sanggang lungtian ay siyang tumatakip at nagbibigay lilim dito sa nálujuwal na guhō.

Ang dakong yaon, na nagsisilbing umpukan para sa m̄ga kapulungan n̄g m̄ga kagawad n̄g "Katipunan sa Garduña" ay siyang pinaka palasyo n̄g "Dakilang pangulo n̄g kapisanan".

Lahat n̄g nácabasa ng m̄ga akdâ ni Cervantes, ay makákaalala pa n̄g magarang tindig na kakatwâ ni "Monipodio," punò ng m̄ga tekas sa Sebilya. Ng panahong yaon na siyang sinasalaysay natin na una n̄g limang pung taón sa panahon ni Cervantes ay may isaug samahan ng m̄ga tulisan sa Espanya na kinakalingâ n̄g ilang pulés. Ang pinaka punò ng katipunang ito, na nagsimulâ noong m̄ga unang taón n̄g siglo XV, ay nasa Sebilya na may katwang anyô, pormal at masunít, nakapanaging labot ang pangungusap, at ang likás ay tindig n̄g m̄ga tao sa una, na sinasambit pa sa Espanya noong taóng 1821.

**Vicente A. Diaz**

DENTISTA

24 Escolta. Sa itaas.

Teléfono 4969.

Gumagamit ng mga kasangkapang  
ayon sa bagong panahon.

**SERRADORA MECANICA**

DE  
DEEC CHUAN & Co.  
JUAN LUNA, 1028

Venta de maderas del pais de todas clases y dimensiones, en bruto y aserradas. Contratistas de obras y edificaciones.

Tel. 8561. Manila Tel. 3151.

Noong gabí rin ng Pebrero ng 1534, na pinangyarihan ng m̄ga bagay na násasalaysay sa sinundang pangkat, ay may nangyayari ring isang bagay na dì alangan at lalô pa manding sadyâ sa palasyo ng dakilang punò sa Gardunya".  
(Ipagpapatuloy)

**Ang "Bill de diborcio"**

*Narito ang kabuuang pinagtibay.*

Pkt. 1 Mahihingi lamang ang diborsyo sahî sa pakikiagulò sa ibang lalaki n̄g babae ó pangangalunyà ng lalaki na ginawâ sa alin mang kaparaanang itinakdâ n̄g pangkat ika 437 n̄g Kodigo Penal.

Pkt. 2 Sinomang tao'y hindî makahihingi n̄g diborsyo ng dì naninirahan sa Sangkapuluang Pilipinas ug taong sinusunod n̄g paghaharap ng sakdal, maliban na lamang kung ang sahî n̄g diborsyo ay nangyari sa loob n̄g Sangkapuluuan.

Pkt. 3 Mahihingi lamang ang diborsyo ng asawang walang kasalanan at kung hindî pinatawed ó pangangalunyà ayon sa pangyayari. Kapag kapwâ may kasalanan ang dalawang mag-asawa ay hindî makahihingi ang sino man sa kanila n̄g diborsyo.

Pkt. 4 Ang paghingi n̄g diborsyo ay hindî magagawâ kundi sa loob ng taong sumusunod sa araw na ipinangyari n̄g gayong sahî nguni't kung ang sahîng nasabi'y nangyari bago umiral ang batas na ito, maihaharap lamang sa loob n̄g unang taong iniiral nito.

Pkt. 5 Ang paglilitis sa isang usapín n̄g diborsyo ay hindî magagawâ sa alin mang pang-

**"MODERADO ORIENTE"**

PATAHIANG PILIPINO

238 Dasmarinas, Binondo

Yumayari n̄g lahat n̄g kasuutan ukol sa m̄ga lalaki ayon sa huling moda at sa kagus-tuhan n̄g nagpapagawâ.

*Norberto Tuason,  
Tagapamahala at mananabas..*

yayari bago magikaanim na bwan būhat sa araw na iharap ang sakdal.

Pkt. 6 Matapos máiharap ang sakdal na diborsyo ng mag asawa ay may karapatáng ma-muhay ng magkahiwalay at mangasiwà ng kanikanilaug sariling kayamanan.

Ang lalaki'y mağpapatuloy sa pangangasiwà ng miga kayamanaug pinakinabang, n̄guni't kung minamarapat ng hukuman ay makapaghahalal ng isang taong makapangangasiwà sa ganitong paraan. Ang tagapanhangasiwà ay magkakaróon ng mga karapatan at miga tungkulín gaya ng tina-taglay ng miga tutor na hindí makapagpapasiya ó makagagamit ng tubò ó pakinabang at ng puhunan kung di alinsunod sa atas ng Hukuman.

Pkt. 7 Sa loob ng panaon ng paglilitis ng diborsyo ay magtatadhanâ ang hukuman ng ukol sa pag-aalagà ng miga anak na walang katampatang gulang ayon sa miga pangyayari at makapagtatadhanang ilaan ang miga kayamanan ó pananalaping nápakinabangán at ang miga tubò nito sa ikabubuhay ng nasabing miga anak at sakaling walang kayamanan ó pinakinabang ay isasailalim ang pag aalagà at pagbuhay sa miga anak na nasabi sa miga tadhanâ ng Código Civil n̄guni't ang hukuma'y hindí magtatakdâ ng ano mang binggil sa bagay na ito kapag ang miga magulang ay nagkasundô ó nagkaisa sa paraan ug pag-aalagà sa nasabing miga anak at sakaling mabuti naman ang pag-aalagang ito, ayon sa palagay ng Hukuman.

Pkt. 8 Hindí maitutulot ang diborsyo hanggang hindí napututunayan ang pagkakasala ng asawang may kasalanan sa isang paglilitis na kriminal at kung walang paghababol laban sa hatol na naglalamán ng nasabing pagtutulot ng diborsyo.

Pkt. 9 Ang hatol na pagdidiborsyo kailan ma't matatag na, ay magbubunga ng pagkakahiwalay ng samahan sa miga pakinabang n̄guni't hindí magbubunga ng pagkapugtô ng talí ng matrimonio kung di pagkaraan ng dalawang taon.

Hindí rin maipalalagay na pugtô na ang talí ng matrimonio sa asawang, gayong may tunay na miga anak ay hindí ibinigay sa bawa't isa nito sa tutol na íninalal ó itinakdâ ng hukuman, sa loob din ng taning na dalawang taon, ang katimbang ng nauukol sa kaniyang tunay na mana kung ang nasabing asawa'y namatay na walang iniwang testamento pagkatapos na pagkatapos ng pagkasirà ng samahan sa miga pakinabang.

Sa pagpaparetrato ay dapat ka pong pumili ng mabuting mag-ayos at niyaong lumalarawan ng makinis kaya't kung pakukuha kayo ng retrato ay tunguhin ninyo ang

**BOREAL STUDIO**

477 JUAN LUNA

at bukod sa tatanggapin kayó ng boong lugod ay masisiyahan pa kayó sa gawâ rito.

## CARLOS ORTIZ

OPTICO CIENTIFICO  
Manglilitis ng mata

24 ESCOLTA (sa itaas)

Ang mga kasangkapan ay ayon ba-gong panahon.

**Tel. 939**

Pkt. 10 Ang pagkakasundô ng mag-asawa ay siyang magbibigay hanggan sa paglilitis at pagpapawalang halaga sa hatol, kailan ma't ang pagkakasundong ito'y nangyari bago nakaraan ang taning na dalawang taón na binabanggit sa sinusundang pangkat.

Pkt. 11 Ang pagkapugtô ng talí ng matrimonio ay magbubunga ng mga sumusunod:

Una. Ang asawang walang kasalanan ay magkakaroon ng kalayaang makapagasawa ulî.

Ikalawa. Ang miga anak na walang katampatang gulang ay malalagak sa asawang walang kasalanan, maliban na lamang kung iba ang itadhanâ ng Hukuman sa lapakanan ng miga nasabing walang katampatang gulang na anopât ang hukuma'y makapaghahalal ng isang tutor para sa kauila.

Ikatlo. Tataglayin din ng miga anak hinggil sa kanilang miga magulang ang lahat ng kara patang dapat nilang taglayin alinsuned sa batas bilang miga tunay na anak n̄guni't paghabo nila ng kaniyang miga mana ay nararapat itâ ang lahat ng kanilang tinanggap sa bisâ ng itinatadhanâ ug ikalawang talatâ ng ika 9 na pangkat.

Pkt. 14 Magkakabisâ ang bâtas sa ito ma-tapos pagtibayin,

## Mga aral ng mabuting kaasalan

Sipi ni M. BANTING  
(Karugtong)

### XVI ARAL

Si Pedro ay isang batang taga San Pedro Macati, Rizal. Siya'y nagaaral sa Paco Intermediate School. Ang kanyang ama at ina ay

### PASANLAAN

NI

## FAUSTO O. RAYMUNDO

Daang Ilaya blg. 641-645 pagliko sa Aceiteros  
San Nicolas Maynila.

MATAAS humalagá sa isinasanlâ, MABABA ang patubò, MADALING pagsanlaan at gayon din kung tubusán.

Nagbibilí ng miga hiyas na BRILLANTE, PERLAS, GINTO at PILAK sa halagang 'along mura.

matatanda na, at dukhà ang kanilang kabuhayan. Saan sila kumuksa ng kinakain? Pagkapanggaling ni Pedro sa páaralan ay pasan na ang taóng upang magsalók ng tubig. Kanyang dinadahilan ang mga kapit bahay at ang bala nang magpasalok. Mula sa ika lima ng hapon at hanggang ika pito, ay kumikita siya ng halang-isang salapí o higit pa. Pagkatapos ay bumibíl na siya ng bigas upang maglugaw ng kanilang mahahapunan. Pagkatapos niyang maglutò ay dinudulutan ng pagkain ang kaniyang dalawang mataudang ama at ina, pagkatapos nila'y siya naman ang kumakain at saká na siya maguúrong ng kinanan nilang tatlo. Pagkatapos niyang magawá ang lahat ng kailangan sa bahay, ay magsisimula na siyang magaral ng mga leksion hanggang sa inaabot siya ng ika labindalawa o ika isa ng gabi. Matutulog siya at muling gigising ng ika tatlo ng umaga upang maghandâ ng agahan para sa kanila. Umaalis siyang maaga upang hwag makulí sa pagpasok-sapagka't siya'y naglalakad lamang.

"Ano ang sasabini ninyo tungkol sa batang kay Pedro?"

"Siyá po'y isang mabuting batà."

"Bakit siya mabuti!"

"Dahil pò sa paglilingkod sa kaniyang mga magulang."

"Oo, siya'y mabuti dahil sa paglilingkod sa kaniyang mga magulang, nguni't alín ang la-long mahalagang bagay na ating nakita sa kanya kaya natin nasasbing siya'y mabuting batà?"

"Ang pagibig pò sa kanyang mga magulang."

"Oo, ang pagibig sa kanyang mga magulang, sapagka't ang umiibig ay naglilingkod sa kanyang iniibig, nguni't may mga paglilingkod na hindî bunga at gawà ng pag-ibig, kundi pakitang tao lamang."

"Ano ang maituturò sa atin ni Pedro?"

"Ang pagibig po sa aming magulang."

"Ano pa?"

"Wala na pò."

"Wala na? Mayrong pang itinuturò sa atin si Pedro."

"Ang paggising po ng maaga at pagpasok na maaga."

"Oo, ang paggising at pagpasok ng maaga, kaya't ito rin ang ibig kong inyong gawin, upang kayo'y purihin at mahalin ng lahat ng tao."

(durugtungan)

## Isang makabayán pa.



### G. Jeremias E. Relevante

May mga taong dahil sa kanilang pagkakanlong ay bahagyang ipinakikilala ang kanilang mga pangalan. Ang ating mga mangbabasa ay walâ nang nakikilala halos kundi ang pangalan ng ilang politikong mapagsalitâ sa mga miting at mapagpanggap na mga mánumunubos ng kanilang bayan. Iyan ang mga mapaghugpong la-mang, samantala, ang mga walang salitâ, nguni't, nangagsisigawaung matahimik at walang anomang imbot sa kanyang bayan, ay iyan ang mga hindî ualalantad se madlâ.

Ikinalulugod naming ipakilala si G. Jeremias E. Relevante, tangin kasapi sa Pilipinas ng "Liga-Anti Imperialista" sa Amérika, lalaking marangâl, tahimik at sa walang salisalitâ, ay nag-pahatid ng mga piling lathalâ ng natûranging "Liga" at dooy'iuiyahad ang mga pagmamasa-gwâ at pagkakamali ng mga naghawak ng naka-raan nating Pámahalaan.

Hangga ngayo'y pawang pangalan lamang ng

### LIBRERIA Y PAPELERIA

DE

P. S. Viuda de Soriano

Rosario 225 y Plaza del Conde No. 1008, Binondo

Nagbibili ng mga aklat sa tagalog, kastilà at inglés; ng mga kwaderno, pluma, lapis, tinta, papel at ibp.

Boong giliw na tînatanggap ang lahat.

### Gergorio Yu-Chuco y Herederos

ALMACEN DE TEJIDOS Y  
MATERIALES PARA ZAPATERIA Y CHINELERIA :::

Calle San Vicente Nos. 219 y 221

MANILA & ILOILO

mga tanyag at kilalang tao ang nagkakapalad na māpalathala sa pitak ng mga páhayagan.

Ang "Patnubay ng Bayan" sa pagnausang papurihan ang mga uugtatanggol ng líhim sa ating bayan, ay, nagkakapuring ilathala ang larawan ng isang anak ng bayan na naging krapatdapat sa mga bumubo ng "Liga Anti-Imperialista" sa Amérika.

## Ang mga postal kung mangusap.

*Akda ni Sixto Magpantay*

### POSTAL NI TRINING KAY ALBERTO.

Alberto:—Sa Lunes kung kami'y matutuloy nina Rosa at Paz ay magkikita tayo sa Hardin Botaniko. Doon mo kami abangan sa tabi ng pund ng baliti, malapit sa pinagseserentahan.

Trining;—Hwag kang magpapahalatâ at mag-pakunwarî ká ng iyong pagtataka.

### PANGWAKAS

Han o sa dahon ng kalupi,

Enero ..... 191.... Nagkita kami nina T..... Rosa at Paz sa Hardin Botaniko. Nagkaroon ako ng mainam na pagkakataon, pagka't bukod sa talagang mapagbigay-loob sina Rosa'y nag-pabayâ pang kamí ng irog kong si T..... ang magkaniig. Ng pauwi na'y nápadaan pa muna sa bahay nina Paz. Noon ko natunayang umiibig ngâ pala sa akin si T..... Pumasok kami sa isang panig ng bahay upang magmalas ng mga nag-gagandahang larawan ng mga binibini. Ang dalawa naman, si Rosa at si Paz, ay nailbang sa pagbubuklat ng isang Album. Palibhasa'y nasarili'namin ang panig na maraming larawang yaon, kaya't nasiyahan ang aking pu-song uhaw na uhaw sa lambing ng pagsuy . Ang aking mga piping bulong ay di niya ipinagtamp , kundi lalo pa ng ang nagtibay, na kapwa kami tutupad sa pangakuan gaganapin sa panahon, ó bago dumating ang panahon!...! sadyang di ko na itinalâ rito.... at sa kapahintulan ó hindî man ng amin-amin maguiang.

Bago kami napasukan nina Paz ay nagkapanhon muna kaming magpalit ng singsing na sadyang kinauukitan ng aming pangalan na noo'y aming suot, anopa't kusang di ko na itinalâ rito ang ayos ng singsing na yaon, at ikaw na giliw na makabubukas nitong kalupi ang bahalang magtanong sa akin ó kay T..... sakaling

ikaw ay si USISA. Ng tingnan ko ang oras u ay dapat na ngâ palang mainip sa pagiintay ang Mam  ni T..... kaya't laban man sa aking sarili ang aming paghibiwal y ay ako pa rin ang tumawag ng sasaky , madali na lamang. Ng kamî'y maghiwahiwalay ay para akong hibang sapaga't lasing sa tamis ng pag-ibig ó sadyang ako'y gutom, na, ugunt' ang katotohana'y lagkong natatandaan ang gabing yaon sapaga't nasa sa daril ko pa ang kanyang sangla.

Um wi akong damdam ko ba'y libo mang tula'y makabahanay ako upang ipatungkol sa mga pinagusapan naming nakapagpapasigla ng aking loob.

At..... bago pala kami lumabas sa panig ng bahay na yaon ay nasambit ko ng buong giliw ang "T..... isang halik pa....!" Alberto.

WAKAS NG IKALAWANG BAHAGI.  
SIXTO MAGPANTAY.

## DIWATA

Alay kay Bbg. Catalina Constantino.

Sa piling ng iyong gandang dakil  hinhi't kayum ang uliran ng madl  akyo'y naririto't sadyang humahang  taud  ng paggalang't pangangayupap .

Tal ng maluningning sa pisn i ng lan t ang nakakatulad ng mahal mong dikit aliw ng may lungkot, pamawi ng sakit at ng ting magiliw ng Diyos Pagibig.

Bulaklak na bago sa pamumukadkad na sadyang ang bango'y humahalinuyak, dilag na maningning na nagpapahayag na patay ó hibang ang hindi lumiyag.

Sa gawang umibig ikaw ang uliran dakilang diwata't bunying Paraluman matamis sa iyo ang alang mamatay kay sa tanghalin kang taksil sa sumpaan..

"Oo" mo ay hind  ipagkatiwala kung hind  sa taong marunong magpal  ang taong magkamit ng gayong biyaya'y makaasang siya'y dadakil .

Ganda mo ay sadyang paugbihir  lamang pagka't gandang hind  mapag ulapan mins y naglalaho ang ningning ng araw dap t ang dilag mo'y hindi hinding tunay.

Ang mga gaya mo mahal na Diwata siyang kailangan ng bayan dakil  mayaman sa hinhiu sa ganda'y sagan  tapat na umibig at buhay ang Sump .

TONY

## Paco Studio

1430 Herran

May manutnuklay  
na walang bayad.

## ENGRACIO DE ASIS

Nagpapasana ng alahas, at ibp. Mura magpatubo, mahal humalaga. Buk s kahit araw ng pista.

Daang Azcarraga Blg. 1339, Kanto Benavides, Trozo.  
Tel. 3396. Maynila.

PALATHALA

# RIZAL...!

Mataos kong iniaalay ang abang tulang ito sa inyong kaarawan pagyakap sa kamatayan ng dahil sa ikalalaya lamang ng INANG BAYANG PILIPINAS.

Sa aklat ng ating bayan'y ginintuang nasusulat ang marangal na pangalan ng madlang nagsisipaghirap, paano'y sa sila yaon ang tanging nagsipagwalat ng malabong pamahalaang sa atin ay nagsisibulag; tinubos ang ating lahi't bayan natin ay naligtas, namalas ang karapatan na di dapat ipahamak sa kuku ng mga ganid, sumisipis niyong katas ng bayan kong nangalula sa tuktok ng hidiwang palad.

Manga panahong nilakdawan ng bayan kong ginigiliw! I kay panglaw ang naging buhay kung tuwina'y gunitain! Manga haring tinatanghal siya pang nangalipin sa bayan ng ating lahi'y ayaw manding pakilusit di pa rin makapagbigkas ng katagang pumapansin sa malakas na siphayong humahampas na mariin, wari'y k'ring binabata't sadyang hindi aksaling makawawala pa tayo sa kamay ng mga sakim.

Dukhang palad ay natapos!... Haring Lakas ay naglaho nangasupil ang dayuhang mga mangmang at palalo; ang lupit ni haring Sama'y buong bisang napasuko ng tayo ay nalulugmok sa luhang di mapakuro. Ng itong ating bayan'y inuulol ng hunyang naisipan nating minsang tayo'y dapat nang mahango patayin ang mga hari, maling lakas ay iguhon ipagtanggol ang mahina't limatik ay "ipapaso".....

Dakila naming bayaning lumagot ng aming gapos buong salamat sa iyong sa amin ay pagkatubos, sapagka't kung wala ikaw disin kami pa'y busabos; mukhang patay na mistulang may diwa'y di makakilos kahi't tayo'y may matuwid yaman nati'y inuubos; kundi ikaw ang nanguna't sa gahama'y nakihamok alipin pang tatawagin ang lupain ng Tagalog, kalahi mo'y walang layang amin ngayong masisinop.

At kung hindi ka natutong magtanggol ng aping palad ng mga kababayan mong tinatanghal na watawat ang sama at kalupitan ng limatik na pangahas; kalayaan'y walangwala, langit natin ay maulap bayan ay tunay pang gapos at malayong makaalpas sa ngipin ng mga sakim, sa kandungan ng bagabag malayo rin ang ligayang sila lamang nalalasap sa busilak na langit nitong bayang Pilipinas.

TITO G. GESMUNDO

(1) Tulang binigkas sa gloryeta ng Sam Pablo, Laguna ng may tula noong hapon ng ika 30 Disyembre, 1916.

Tel. 3271:::::::

**Miguel R. Cornejo**  
Gerente-Propietario  
"INDEPENDENT FILM EXCHANGE"  
Alquila y vende Máquinas y Películas  
cinematográficas, etc.

324 Misericordia,:::::....

## RESTAURANT 'Dimas-Alang'

Blg. 555 Nueva, Binondo.

May malinis at mabuting pagkain.

Mura at maaaring magdala kahi't saang bahay o kawanihan.

## Kung umibig ang makata

(Kay Itang Toribio)

Malasin mo Lakambini, kung mabaliw ang makata,  
Ang makatang umiibig ng dalisay at sagana  
Walang tigil ng pag-awit walang tahan ng paghangga'  
Bawa't saglit na dumaa'y naglalamay sa pagluha'

Kahi't sino ang kaharap ng makatang sawing-sawi  
Ang akala'y ang dilag mo, ang dilag mong tanging-tanging  
Sa buhay ko'y sadyang talang may dulot na qualhati  
Ang kaharap ng pusò kong naghihirap na palagi.

Malasin mo Prinsibini. Prinsibining darakila  
Ang anyo't mga ayos ng may sakit na makata.  
Nahihibang...nababaliw't ang ngalan mo aking talà  
Ang twina'y pumupulas sa bibig ng kulang palà

Pagmasdan mo... akong ito't parati ng nakatitig  
Sa dilag mo g darakila, sa dilag mong taga langit  
Taga langit nagturdy na umawit at umibig  
Sa buhay kong na sa hirap nasa ngayo'y tumatanagis

LAKING SILANGAN.

A. Rivera, Tondo.

:::::::P.O. Box 1289

.....Sta. Cruz, Manila.

# MELODRAMANG TAGALOG

## BIGONG PAG-ASA

(Natuklasan sa Paris ni Dr. H. Otley Beyer)

### IKAPAT NA YUGTO IKALAWANG LABAS

Ang palabasán ay isang Salas; at si Eliza'y sumusulat sa ibabaw ng isang mesang muntí; kung minsay nagbubuntong hiningga kung minsay wari may iniisip, at nagsasalitang mag-isa. Eliza. Oh...! Sintang naparool, knng magkataong liluhin kay ano kayâ, Eliza ay ano ang kahihiuatnan ng palad mong..

"Hindi matatapos ang sasabihin, sa biglang pagdating ni D. Tiburcio, na hindi naaalumana si Eliza".

D. Tiburcio. Don Salustio. (Sa kalilingap ni D. Tiburcio ay makikita si Eliza; magulumihanan.

Aba't ang butihing Eliza (Lalapit siya)  
Sa kalakhan mo pô.

Eliza. Ano pô ang sadyâ? (May pagkarimarin). D. Tiburcio. Dahil sa pag-iwig; ako'y kahabagán.

Eliza. Walang masasapit.

D. Tiburcio. Eliza ng buhay!.

Eliza. Abá at Eliza pa raw; mapilit din yatâ; mahanga'y lisamin at sabihin kay Ama.

"Sasabayán ng alis na padabog".

D. Tiburcio. Oh! Palad na sawî!

"Biglaang lalabas si D. Salustio".

D. Salustio. D. Tiburcio.

D. Tiburcio. Ay D. Salustio! Sadyang walang lunas.

D. Salustio. At bakit?

D. Tiburcio. Inabot ko ngayon dito si Eliza't nagkausap kami.

D. Salustio. Ay ano ang wika?

D. Tiburcio. Talagang aayaw; kayâ D. Salustio ako'y paalam na, tuloy patawarin sa nangawang lisyâ.

D. Salustio. At saan tutungo?

D. Tiburcio. Ah...! Sa lugar na sino ma'y hindi matatalos, hanggang sa mamatay; kayâ paalam na.

"Yambâ sa pagyao; ngnui't pipigiliu ni D. Salustio."

D. Salustio. Paghinahou.

D. Tiburcio. Ah, ako'y paalam na.

"Hindi mapipigil, at kasabay ang alis."

D. Salustio. Nápaluuging palad na naka-aawà ang kay D. Tiburcio; ngnui't ito namang si Eliza dito kay Adonis, ay paano kayâ? (Wari'y mag-iisip) Oh, walang másipan; mahanga'y sulatan ko si Adonis.

"Sa pagsulat ay sa darating ang Kura sa San Rafael kasama ang Teniente ng Kasadores; pagkakita ni D. Salustio'y magtitlahanan, itatagô ang sulat sa ilalim ng takip ng mensahe muntî."

Kura. Ola, D. Salustio.

D. Salustio. Abá.....Ang Among; magandang gabî pô, Ameng.

"Hahalik ng kamay sa Kura".

Kura. Ano: Sila'y dinala ko rito, upang ipakilala ko sa iyo ang bagong Teniente ng kasadores nitong bayan; sapagka't ibig daw niyang makilala ang mga tagarito na mabubuting pamilya,

D. Salustio. Salamat pô. Marunong pô ba sila ng tagalog?

Kura. Hindi; ngnui't ang lahat ng ibig niyang sabihin ay mangyayaring matagalog ko sa iyo, at ang lahat ng sasabihin mo ay makakastila ko naman sa kanya.

D. Salustio. Kung gayon pô ay mangagsiupô muna tayo.

"Managsisiupô."

Sabihin pô niyo sa kanila na malaki ang aking hangad na sila'y makilala at tumatalaga naman pô ako sa balang ipaguutos Kakausapin ng Kura ang Teniente ng kasadores".

Kura. Dice; que es grande su deseo en conoerte y esta dispuesto tambien á tus órdenes.

Teniente. Digale V. que muchas gracias.

"Ang Kura, kay D. Salustio".

Kura. Marami raw salamat; ngnui't, nahan si Eliza?

D. Salustio. Na sa loob pô; aking tatawagin.

"Yayaó sa may pintuan".

Eliza; Eliza; hinahanap ka ng Among, "Lalabas si Eliza".

Eliza. Magandang gabî pô. Abá; magandang gabî pô Among.

"Hahalik ng kamay sa Kura".

Kura. Ano Eliza? Narito ang Among at ang Teniente ng kasadores, aayaw kang makipagkita: Bakit? Aayaw ka bagang kamiy pumarito sa iyo?

### La Tableria de P. y F. Jacinto

NAGBIBILI ng lahat ng uri ng kahoy rito.  
GUMAGAWA ng sarisaring "muebles" na pasadya ayon sa ibiging ipagawa.  
YUMAYARI ng mga pang pinto, pang bintana, ibp.  
LAHAT ay mura at ayon sa kasunduan  
TUMAWAG sa telefono 8231.

954-962 JUAN LUNA, TUNDO.

### CASEY'S HOSPITAL

—FOR—

Sick Shoes and Clothes

Dr. Casey Chief Surgeon

307 M. H. del Pilar.

PHONE 3878

Eliza. Hindi ko pô kayo nalalamang naririto; bakit ngâ pô ako'y nagbabasá ng Devionario.

Kura. Oh, iyan ngâ ang mabuti, at hwag kang makikipag-usap-usapan sa mga binatâ.

Eliza. Ay kayo pô Among ay binatâ rin; sapagka't waiâ kayong asawa, ay dî kung ganoon pô ay....

Kura. Ah, hindi bale; sapagka't ang Among ay hindi may ugaling magbigay pagkakasala sa isang babaye; kaya ng ikaw ay.... Makakadinig ng putok ng kanyon; managugulat.

Abâ... Ano yaon?

"Pagdaka'y lalabas na tumatakbo ang asistente ng Teniente, humihingâl".

Asistente. Mi Teniente.

Teniente. Que hay?

Asistente. Una Cuadrilla de Insurrectos en el pueblo.

Kura, Que dices? Donde estan?

"Putok ulî ng kanyon at barilan; ang Kura, ang Teniente at asistente ay hindi halos matutuhan ang pagtakbo sa takot.

Jesus....!

D. Salustio Ano iyon Eliza?

Eliza. Hindi ko masabi. ó bakâ pumasok na

naman sa bayan ang pulutong ni Adonis. D. Salustio. Bakâ ang mabuti ay palual sa bayan?

Eliza. Mabuti ngâ yata,

"Ng sila'y yayao na, ay siyang pag-dating ui Adonis".

Adonis. Ang puos na galang sa inyo ay handog; ngunit bakit kayó nanagugulo?

D. Salustio. Dahil sa putukan.

Adonis. Oh, yaon po'y walang kabuluhan; kaya'y pumayapa.

D. Salustio. Adonis; maraming salamat, at mabuti't tayo ngayon ay magkakausap.

Adonis. Tunkol pô sa ano?

D. Salustio. Tunkol sa inyong pag-iibigan dala-wa ni Eliza.

Adonis. Siya rin pung hanagâ; kayâ naparito.

D. Salustio. At sa anong bagay?

Adonis. Bagay sa pagiisang buhay na ikatutupâd ng pag-iibigan.

D. Salustio. Oh! Nais ko'y gayon din; at kailan?

Adonis. Búkas pô sana sa harap ng Altâ.

D. Salustio Walang kaliwagan.

Eliza. Di yata?

Adonis. Sinta kong Eliza'y pakaasahan mo.

Eliza. Oh layaw.....!

"Sa katuwaang itong walang katulad sa kanila'y papupurihan ng sumusunod na kanta". (Itutuloy)

## Ang bayan ng Bawang

Hindi ito ang bayan ng Bawang sa lalawigan ng Batangan, kung dî ang saklaw ng lalawigan ng La Union. Ang dating pangalan nitong nábanggit na bayan ay Barataw; ngunit pinangalanlang Bawang dahil sa noong itinatataag ang munisipyo ito ay kasalukuyang nag-aani ng maraming bawang sa nasabing bayan.

Ang mga nayon ng bayang ito ay itong mga sumusunod:

"Pagdalagan." Sapagka't ito'y isang dakong pinanghuhulihan ng daig.

"Paringaw". Ayon sa isang alamat ang pangalan ito ay binubuo ng dalawang salitâ: ng pari at ngagaw na ang tunay na kahulungan ay parè (6 compadre) at ang utal na bigkas ng tinig 6 badya ng al-alia (6 kapre); sapagka't isang araw dî umano ay may magkumpareng sa pagdaraan sa isang malaking punong kahoy na ayon sa kapaniwalâan doon ay tahanâ ng mga pugot ó al-alia (kapre) ay naka-

rinig ang isa sa kanila ng sigaw na *ngangaw* at sa pangangatal sa takot ay nagbadyang: *pari ngaw* na ang ibig niyang sabihin ay "parè may ngumangawngaw." Ang kâsama na dî naniniwala sa mga gayong katakutan ay nagbirô, na hanggang sa dumating sa kabayanan, ay inuulit-ulit ang badyang *pari ngaw* ng kanyang kâsama. At mulâ ngâ noon ay pinangalanlang *Pari ngaw* ang nayong yaon.

"Palíntokan." Sa nayong ito ay may isang bundok daw na ganito ang pangalan: kaya't tinawag ng ganito

"Pottot." Sapagka't dito'y nagkaroon ng ta-tlong hadlangan ng tubig na patungô sa mga bukid, at ang pangalan ng mga hadlangang yaon sa wikâ nila ay *pottot*.

"Kinabite." Tinawag itong ganito dahil sa dito'y may isang tulay na niyari sa pamamagitan ng semento, na sa wikang ilokano'y "kabite." At dahilan sa pagkayaring ito'y pinangalanlang *kinabite*.

"Bakkuit." Ito'y pangalan ng isang munting punong kahoy na mapait at ginagawang gamot.

Ibig ba ninyong magkaroon ng mga maiinam na kasuutan ayon sa bagong panahon? Kung gayon, magsadya kayo sa patahian ni

## Isaias Alvaran

606 Azoárraga, Tondo.

MANILA.

## AGAPITO FRANCISCO

JOYERO

Vende toda clase de Alhajas de Brillantes, Perlas y Piedras Preciosas.  
Recibe Obras de Platerías.

769 Magdalena, esquina Azcarraga.  
Tel. 4264. Manila, I. F.

at siyang ipinangalan, dahil sa karamihan ng násabing punong kahoy sa nábanggit na nayon.

"Akao." Kaipala'y hanḡò sa m̄ga salitang kakakaw at banyakaw, na dito'y marami ng m̄ga pananim na ito.

"San Agustin". Dahil sa siyang pintakasi rito.

"Bal-lay". Ang tunay na kahulungan ay "bal-balay" ó pook ng ilang bahay at ang nayong ito'y binubuo ng isang pook ng ilang bahay.

"Pugó". Ang ibig sabihin ay isang dako na pinapaging pulô ng dalawang ilog, at gayon ang kalagayan ng nayong ito.

"Nagrebkan". Hanḡò sa salitang rebbec na ang kahulungan ay wasak. Ang dating pangalan nito ay Boa, ayon sa m̄ga alamat; ngunit iniwasaak ng nangaghimagsik na m̄ga taga Sanibales: kaya pinanganlang "Nagrebkan", dakong pinagwasakan.

"Parian". Sapagka't dito'y marami ng halamang ito.

"Kalumbaya". Ito'y pangalan ng isang punong kahoy at sinasapantahang sa nayong ito ay pagkaroong ng punong kahoy na ito.

"Buy-otan". Kaipala'y hanḡò sa salitang buyot, na ang kahuluga'y samahan.

"Payokpok". Buhat sa salitang parocpoc na ang kahulungan ay malaking bukal.

"Santiago". Pangalan ng pintakasi.

"Bagbag". Pangalan ng isang punong kahoy.

"Urayong". Sapagka't dito'y may isang batis na pinanganlang "Urayon", na, sa dagat nag-bubuhat at nagwawawà sa nayong ito.

"Central". Ito'y salitang kastila.

## Mga mahalagang pananalita ni Dr. Jose Rizal

### Tinipon ni M. Banting

(Karugtong)

¿Ano kayo sa araw ng bukas? bayang walang budhi, bansang walang kalayaan; ang lahat ng taglay ninyo'y pawang hiram, sampū ng inyong kasiraan.

Kahi't wastong wasto na ang katauhan ay magiging isang kabahanan din ang pagibig sa tiubsan sa m̄ga bayang sakop, pagka't sa lahat ng sandali'y may kahulugang pagibig sa

katwiran, sa kalayaan at sa karangalan.

Kailangan din naman na ang lahat ay tumugon sa katanungan na sa araw-araw ay ginagawâ ng bayan na inilalahad sa kanila ang kamay na nakatanikala.

Hindi nagkakailangan ng m̄ga gamot ang m̄ga mamamatay; kayong m̄ga natitira ang nangā ugailangan.

Ang pasakit ay magaling pag ang baya'y alipin pag ang bundok ay walang gwang sa lupà, pag naglalagay ang kapangyarihan ng bantay sa likod ng bawa't punong kahoy at pag sa katawan ng alipin ay walâ kundi sikmura at bituka lamang.

Bawa't bayan ay may kapalarang nararapat.

Ang pagkakaroon ng m̄ga punong dulingas at unsiyamî, hindi lamang walang saysay, kundi makasasamâ pa, paano'y ang maaaring pagmulan ng utang na loob at pag-ibig ay makalijikhâ ng m̄ga hinanakit at samâ ng loob.

Ang bayang naigmamahal sa lwalhati ng kanya yang pinagdaanan ay dî makahihingi sa ibang bayang aral sa kanya, na tanggihan ang pangjiuis at dungisan ang kanyang ngalan.

Walang sapat na pulbura sa boong mundo upang sugpuin ang pagdahas laban sa m̄ga kalayaan ng tao.

Auong kabuluhang ng pagasasarili kung ang busabos ngayon ay siyang kinabukasa'y magma malupit?

Tangl na n̄ga lamang na dî napaparam kaylanman ang pag-ibig sa Tinubuang Bayan, sa minsang ito'y magpunlâ sa pusò ng tao, sapagka't ang gayong pag-ibig ay lagda ng Maykapal, kaya't walang katapusan ang kaniyang pananatili.

Malaki ngang lubhâ ang katungkulang gagapin ng babae sa pagbibilis ng hirap ng bayan, ngunit lahat ng ito'y di higit sa lakas ng babaing tagalog. Talastas ng lahat ang kapangyarihan at galing ng babae sa Pilipinas, kaya n̄ga kanilang binulag, iiginapos, iniyukô ang loob panatag silang habang ina'y alipin ay maaalipin din naman ang lahat ng m̄ga anak.

Durugtungan

## Bahay Sanglaan

NI  
Zacarias de Guzman

144 Villalobos, Quiapo, Tel: 3595.

Mabuting maghalaga sa mga hiyas, na gaya ng mga brilyante, perlas, ginto, at iba pang mga bagay na may halaga. Mataas ang turing sa mga pagtasa, magaan ang patubo.

## CRISPULO ZAMORA

Platero at Grabador.

351 San Sebastian Maynila, Tel: 3265

Gumágawa ng magagandang korona para sa mga reina, ng mga medalla, botones, insignias, copas na pang ganting pala, pang gayak sa simbahán, mga larawan, caliz, bastón, hiyas, karatulang tanso, mga chapa, ibp.

Mabuting yumari at mura lalo na sa kapwa pilipino.

## LOS FILIPINOS

1011-1013 San Fernando,  
MAYNILA, K. P.

Pagsadyain ang mga kasangkapan ng auto na mga bagong dating at iba't iba pang mga kasangkapan bakal.

Macario Lim Manaat, Gerente.

# BERNABE STUDIO

Salcedo, Blg. 708, Sta. Cruz,  
MANILA, R. P.

P. O. Box. Blg. 973.  
TELEFONO, 3216.

Araw-araw ay rumeretrato mula sa a las 9 ng umaga hanggang a las 3 ng hapon at tumatanggap ng mga gawaing nauukol sa bagay na itó, gaya ng **Ampliación, Reproducción, Opalinas, alfileres, Revelaciones, Copias FOTOGRABADOS, AT ZINCOGRAFIA**, ibp.

**Walang bayad sa pasuklay.**

ANG HALAGA SA MGA GRUPO AT IBANG MGA BAGONG PARAAN AY  
AYON SA PAGKASUNDUAN.

*Ngayo'y may lalong pag-uurungan sa dakong pinagreretratuhan.*

## Encuadernacion y Librería

— de —

**SOFRONIO G. CALDERON**

758 Reyna Regente, Binondo.

Se recibe toda clase de trabajo concerniente al ramo de la  
encuadernacion.

PARA  
**Regalos**

DE  
**Boda**



En todo el oriente esta en la unica casa que cuenta siempre con un inmenso surtido de articulos para regalos.

Hay caprichosos objetos de "PLATA ROGERS"  
y plata de ley.

**Desde P400 a P1.000oo**

CENTROS DE MESA

FLOREROS

LICORERAS

JUEGOS DE CUBIERTOS

PONCHERAS

JUEGOS DE CAFE

id. DE TOCADOR

BANDEJAS

PANERAS

COTELERAS



SERVICIOS PARA HELADOS

JUEGOS DE SALERITOS

BIZCOCHERAS

AZUCARERAS

ESCRIBANIAS

ALFILETEROS

TARJETEROS

CENICEROS

JOYEROS

POLVERAS ETC. ETC.

**H. E. HEACOCK Co.  
ESCOLTA 121-123**